Ano ang isang Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasang Pampubliko?

VIDEO:

Ang pagpatay ng kuryente para sa kaligtasang pampubliko (public safety power shutoff), o PSPS, ay isang pag-iingat na hakbang sa kaligtasan na ipinatupad matapos ang mga mabilis kumalat na sunog (wildfire) noong 2017 at 2018 na maaaring maagap na magpatay ng mga linya ng kuryente sa oras na matukoy ang mga kondisyon sa panganib ng sunog gamit ang aming network ng mga istasyon ng lagay ng panahon.

Bagaman pinakamalaki ang posibilidad na maapektuhan ang mga komunidad na nasa lugar kung saan mataas ang banta ng sunog, dapat maging handa ang lahat ng kostumer ng PG&E sa posibleng pagkawala ng kuryente para sa kaligtasang pampubliko.

Dahil kayang pagsilbihan ng mga linya ng kuryente ang mga komunidad na maraming milya ang layo, kahit ang mga kostumer na hindi nakatira sa mga lugar kung saan mataas ang banta ng sunog o hindi nakararanas ng matinding lagay ng panahon ay maaaring mawalan ng kuryente.

Dahil dito, kahit na walang malalakas na hangin o delikadong kondisyon sa kung saan ka nakatira, maaaring mawalan ka ng kuryente dahil ikaw ay pinagsisilbihan ng isang linyang naaapektuhan ng mga kondisyong iyon.

Mahalagang gumawa ng plano ang aming mga kostumer upang panatilihin ang kanilang kaligtasan sa panahon ng mabilis kumalat na sunog.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa mga pagpatay ng kuryente para sa kaligtasang pampubliko, o mga tip para mas mabuting maihanda ang sarili para sa kawalan ng kuryente, bisitahin ang safetyactioncenter.pge.com.